# Paanong Maipanganak na Muli ang Isang Nilalang?



ni Chuck Smith

P.O. Box 8000 • Costa Mesa, CA 92628 • 1-800- 272- WORD (9673)
E-mail: info@twft.com • Website: www.twft.com

Paanong Maipanganak na Muli ang Isang Nilalang?
ni Chuck Smith

© 2002 The Word For Today Publishers
P.O. Box 8000,
Costa Mesa, CA 92628

Web Site: www.twft.com

ISBN 1-931713-30-8

Hangga't hindi nakalaad, lahat ng binanggit na skriptura ay galing sa bersiyon ng Hari Santiago nang Bibliya. Lahat ng sipi na ikabubuti, o ikalalakhan, at ang paglalaad sa ibang pamamaraan, ay galing lahat sa may-akda.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng polieto ang pudeng igawan ng sipi, iimbak sa isang taguan upang gamitin uli sa hinaharap, ipadala sa ano mang pamamaraan, nang walang pahintulot ang The Word for Today (Ang Salita Ngayon).

Nailimbag sa Estados Unidos ng Amerika

# Paanong Maipanganak na Muli ang Isang Nilalang?
# ni Chuck Smith

Habang nakakubli sa dilim, isang mama ang maingat na lumalapit kay Jesus Nazareno. Isa siyang namamahala sa mga Hudyo. Siya'y naghintay hanggang gabi, sapagka't may gusto siyang itanong kay Jesus, tanong na hindi dapat marinig ng iba. Pinagmamasdan ni Nicodemus ang mga himala na ginagawa ni Jesus. Alam niyang walang makakagawa ng mga ito kung ang Panginoong Dios ay hindi nasa sa kaniya. Sa wakas, mag-isa na si Jesus. Ito ang pagkakataong hinintay ni Nicodemus upang idulog ang kanyang tanong.

"Maestro," umpisa ni Nicodemus. "Alam naming ikaw ay isang guro na maka-Dios; hindi magagawa ng isang pangkaraniwang tao ang namalasan ko kung hindi nasa kanya ang Panginoong Dios."

Katuald ng dating gawi, hndi nag paligoy-ligoy si Jesus. Alam niya ang gustong malaman ni Nicodemus. Sumagot si Jesus, "Hanggat ang isang nilalang ay maipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Dios."

Kaagad na nagtanong si Nicodemus, "Ano ang ibig sabihin ng 'maipanganak na muli'?"

Ito ang katanungan na matagal nang gutong masagot ng sanlibutan sa dantaon, pahayag ni Jesus sa Juan 3:3. Ano ang ibig sabihin ng "maipanganak na muli?"

Ganito yon, nilalang ng Panginoong Dios ang tao na trinidad: espiritu, isip, at katawan. Ang isip ay saklaw ng espiritu, at kung ang espiritu ang nagpapatakbo sa buhay ng isang tao, siya'y nabubuhay sa pakikipag-isa at pakiki-halubilo sa Panginoong Dios. Ang tanim, halimbawa, ay isang sukat lamang. Ito ay mayroong katawan na nabubuhay sa kalamnan ng lupa, o sa naiibang paraan; halimbawa'y ang 'Venus flytrap', halaman na nangangain ng mga insekto. Ang ugat ng halaman ay malalim na naka-tanim. At kanya ang posibilidad na makapgparami sa pamamaraan ng sariling kodigo na namamahay sa kanyang mga binhi. Ang mga hayop naman ay nabibigyang kasiyahan ng mga tanim o

sari-saring hayop din, at sila'y nakakalayo ng pinupuntahan. Kagaya ng mga halaman, nakakapag-parami ang mga hayop sa paraan ng kanilang sariling kodigo na nakaimprinta sa kanilang binhi, na pinabubunga ng kalalakihan nila. Nguni't dahil sa kanilang kaalaman at kadagdagang kilos, sila ay malayong nakakataas ng puwsto kaysa kaharian ng halaman.

Nang likhain ng Panginoong Dios ang tao, nilikha siyang trinidad ang kaalaman: espiritu, katawan, at isip. Ang karagdagang kaalaman ng espiritu ang naglagay sa tao sa pinakamataas na puwesto, mas pa kaysa kaharian ng hayop. Ito ang daan niya na mapalapit sa Panginoong Dios.

Sinabi ni Jesus na ang Panginoong Dios ay espiritu, at silang sumasamba sa Kanya ay sumasamba sa espiritu at katotohanan (Juan 4:24). At nuong nilalang niya ang unang tao (kumpleto ng espiritu, isip at katawan), dinibuho Niya ito para sa Kanyang pakikipanayam.

Mayroon tayong napakagandang bersikulo sa Genesis 3:8, "At narinig nila ang tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa kahalamanan sa kulimlim ng araw." Nakilala ng tao ang Panginoong Dios dahil sa bahaging espiritu ng kanyang kaalaman. Subali't, kung ang espiritu ng isang tao ay walang buhay, siya'y mas mababa pa sa hayop. Ang kanyang kaisipan ay napapaibabawan ng materyal na pangangailangan.

Ang espiritu ng tao ay walang buhay dahil sa kanyang mga hindi kanais-nais na gawa at mga kasalanan.

Nuong unang panahaon, nuong nilalang ng Panginoong Dios ang tao, siya ay nabuhay sa huwaran at dalisay na kapaligiran. Nasasa-kanya ang isang malakas at malusog na katawan na walang kapintasan. At dahil ang espiritu niya ay puno ng buhay, sa kanya ang pakiki-salimuha at pakikipag-isa sa Panginoong Dios. Ganoon pa man, nagkaroon ng isang suliranin.

Ang tao ba ay nabubuhay upang makasalamuha ang Panginoong Diyos dahil Siya'y kanyang minamanhal?

O di kaya, nabubuhay ba siya sa pakikisalimuha sa Panginoong Dios dahil wala siyang ibang pamilian?

Upang matiyak ang tunay na puso ng tao, naglagay ang Panginoong Dios ng isang kahali-halinang punong-kahoy sa gitna ng Hardin ng Eden: punong-kahoy na puno ng bunga, bunga na nagtataglay ng banta nang kamatayan. Kinailangan ng tao ang pumili. Gusto ba niyang tuloy-tuloy ang kanyang pakiki-salimuha sa Panginoong Dios o mas pipiliin ba niya ang pagbibigay sa kanyang pisikang pangangailangan kahit ito ang maging dahilan na mapalayo siya sa Panginoong Dios?

Masaklap man, pinili ni Adan na pagbigyan ang kanyang pisikang pangangailangan, at siya'y kumain sa ipinagbabawal na bunga. At dahil dito, nawalan ng buhay ang kanyang espiritu. Sa sandaling ito, nag-dalawang kaalaman ang tao: katawan (materyal) at kaluluwa (isip).

Sinabihan ni Jesus si Nicodemus na kinakailangan niya ang maipanganak na muli (Juan 3:7).

Kailangan natin ang espiritual na kapanganakan. Naipanganak tayo nuon na pisika at malayo sa Panginoong Dios. Dahil dito kailangang maipanganak tayong muli sa Espiritu kung gusto nating makamtan ang pagpapala Niya. Ganuon din na mapasa-atin ang galak na bunga ng buhay na puno ng pakikisalamuha sa Panginoong Dios. Si Adan, na nawalan ng espiritual na buhay, ang nakaalam na hindi niya ito mapapabalik sa pagiging mabuti, o sa pagka-relihiyoso, o sa pagsunod sa mga alituntunin o reglamento.

Maaari tayong magpaka-buti, subali't ang pagiging mabuti ay hindi sapat upang makamtan natin ang buhay na malapit sa Panginoong Dios.

Itinuloy ni Jesus ang pakikipagusap kay Nicodemus, "Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Dios" (Juan 3:3).

Hindi maiintindihan mg isang katutubo ang marunungan na ito. Isinulat ni Pablo sa mga taga Corinto, "Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? Gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios. Nguni't ating tinaggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay

ibinigay na walng bayad ng Dios. Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, “hindi sa mga salitang itinuturo ng karunugnan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu. Nguni’t ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka’t ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: at hindi niya nauunawaan, sapagka’t ang mga iyon ay sinisiyasat ayon sa espiritu” (1 Corinto 2:11-14).

Gaya ng sinabi ni Pablo, hindi malalaman o maiintindihan ng katutubo ang maga bagay ng Espiritu. Matalinghaga sa kaniya. Mahirap natin siyang kapanayam dahil mayroong malawak na guwang sa pagitan ng isang na-espirituang nilalang at taong maka-laman (materyal).

Napuna mo na ba na mahirap ang magpaliwanag ng mga bagay-bagay sa isang bata? Nakakawalang gana ang makipagusap sa isang bata. Para sa ating kaisipan ito’y maliwanag. Pangkaraniwan lamang at makatuwiran.

Sa mga espirutal na bagay-bagay, ang katutubong nilalang ay hawig sa isang bata.

Itinuturo ng Biblia na ang katutubong nilalang ay hindi makka-intindi ng mga espiritual na bagay, sapagka’t ang mga iyon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. Kaya nga ba’t sinabi hi Jesus, “Kailangan mong maipanganak na muli upang makita mo ang kaharian ng Panginoong Dios.” Upang makita mo ang kaalaman na ito ng kaharian ng Panginoong Dios, nangangailangan ito ng espiritual na kapanganakan.

Kung tutuusin, ang dapat na tanong ni Nicodemus ay, “Kung ganuon, paanong maipanganak na muli ang isang nilalang? Ano ang dapat gawin upang maipanganak na muli? Paanong makakamtan ito?”

Upang maintindihan ni Nicodemus, gumamit si Jesus ng isang makulay na ehemplo. Siya ay nagkuwento ng isang istorya na galing sa Aklat ng Matandang Tipan, ang Aklat ng Mga Bilang. Nuong nasa kagubatan ang mga anak ni Israel, nagsimula silang dumaing laban sa Panginoong Dios at kay Moises. Sabi nila, “dinala nila tayo mula sa Egipto upang patayin tayo dito sa kagubatan. Wala tayong tinapay at tayo’y sawa na sa manna” (Mga Bilang 21:5)

Dahil sila’y bumubulong-bulong at dumadaing laban sa Panginoong Dios, binigyang laya niya ang mga ahas na dumayo sa kanilang kampo. Daan-daang mga tao ang nangagsimatay sa kagat ng ahas. Ang mga anak ni Israel ay pumunta kay Moises at humingi ng tawad, nagmakaawa na sila’y ipagdasal. Nagbigay si Moises at humingi sa Panginoong Dios na pagalingin ang mga tao.

Imbes na pagalingin sila, ang Panginoong Dios ay gumawad ng panustos na makakapagbigay sa kanila ng kagamutan, pero ang pagkamit nito ay naka-laan sa kanila mismo.

Sa Mga Bilang 21:8 ating mababasa, “At sinabi ng Panginoon kay Moises, gumawa ka ng isang mabagsik na ahas at ipatong mo sa isang tikin: at mangyayari na bawa’t taong makagat ay mabubuhay pag tumingin doon.”

Gumawa si Moises ng isang ahas na tanso at kanyang inilagay sa isang tikin at ipinagitna sa kampo. At mangyaring may makagat ng ahas, sinasabihan sila’ng tumingin sa ahas na tanso sa tikin, at sila’y biglang gumagaling.

Ipaliliwanag ko ang ibig sabihin ng simbolong ito. Sa skriptura, ang tanso ang simolo ng husga ng Panginoong Dios. Ang maga anak ni Israel ay nagkaroon ng tansong dambana kung saan sila naglagay ng sakripisyo (2 Mga Hari 16:15). Sa skriptura pa rin, ang ahas ay simbolo ng kasalanan *alalahanin ang ahas sa Hardin ng Eden – Genesis 3:13). Sa pagkakataong ito, ang pag-taas sa ilang ang ahas na nasa isang tikin ay naghahalimbawa sa kuros kung saan maipapako si Jesus. Ang sabi ni Jesus, “Ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao.” At ganuon din sa Juan 12:32, sinabi Niya, “At ako, kung ako’y maitaas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin din.”

Si Jesus ay nag-prophesia na siya ay mamamatay na gamit ay kuros.

Sa gayon, ang ahas na tanso sa tikin ay simbolo ng ating mga kasalanan na hinusgahan ng Panginoong Dios sa kuros.

Mangyaring itinaas ni Moises ang ahas sa kagubatan, ganuon ding dapat na maitaas ang Anak ng Tao. Paanong maipanganak na muli ang isang nilalang? Siya ay maipanganak na muli gawa ng panumbot na bigay Niya, ang pagkamatay ng Kanyang Anak. Inako ni Jesus ang husga ng Panginoon sa ating mga

pagkakasala nuong Siya’y namatay sa ating lugar. Kaya’t tayo’y tumingin puno ng pananalig sa kuros na puno, sapagka’t Siya ang tumubos sa husgang nakalaan para sa atin.

Kunyaring kayo ay nabuhay kasama ng mga anak ni Israel mga 3,800 taon na ang nakaraan ng nagsidating ang mga ahas. Isang araw kausap mo ang kaibigan mo sa iyong tolda ng may nakalusot na ahas at kinagat ang paa niya. Wala kang magawa kundi tignan ang paa niyang nagsimula nang mamaga. Sa isang kisap-mata nagumpisa siyang mag-kombulsyon.

Agad mo siyang kinaladkad sa labas at ika’y sumigaw, “tignan mo ang ahas sa tikin, yung inilagay ni Moises sa gitna ng kampo!”

“Hindi ko maintindihan kung paano akong matulungan ng sinasabi mo,” ang sagot niya.

“Huwag kang mangatuwiran,” hiyaw mo, “Tignan mo sabi!”

“’Di ko intindi. Paanong ang pagtingin ko sa ahas na nasa tikin ay makakatulong sa akin?”

“Hindi ko alam ipaliwanag,” ang mabilis mong sagot. “Alam ko lang na maraming tao ang nasa kalagayan mo nuon. Tinignan nila ang ahas sa tikin at sila’y napagaling. Tumingin ka sabi, eh!”

“Kalokohan lang ‘yan.” Lalong umayaw ang iyong kaibigan. “Ayaw ko ngang tumingin.”

At siya ay namatay. Hindi ka makapaniwala. Hindi ka naman humingi ng mahirap na gagawin, ang pagtingin lang niya sa ahas sa tikin ang iyong hiningi. Hindi niya kinailangang maintindihan ang paraan upang siya’y matulungan.

Ganuon din, namatay si Jesu Cristo dahil sa ating mga kasalanan, pero hindi natin kinailngang maintindihan kung paano tayo maipanganak sa espiritu. Sapat nang alam natin ang katotohanang ito at alam din nating ito’y mangyayari. Kagaya ng mga anak ni Israel sa disyerto. Hindi natin kailangang maintindihan nang buong buo ang takbo ng mga bagay-bagay upang masiyahan tayo sa ikalabasan ng bunga. Naibigay na sa atin ang grasya ng mamuhay na kasa-kasama ang Panginoong Dios. Ganuon din ang pakikisalimuha sa Kanya sa inaraw-araw.

Dahil sa mga ito, mapapasa-atin ang buhay na walang hanggan at lalaya tayo sa kasalanan.

Ipinaliwanag ni Jesus kung paano tayong maipanganak na muli nuong sabihin niyang, "At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon ding kinakailangang itaas ang Anak ng tao. Upang ang sinumang sumampalataya ay magkaroon sa kanya ng buhay na walang haggan."”(Juan 3:14-15).

Kung tutuusin, kung walang espiritual na kapanganakan, tayo ay dalwa’t-katatlo lang na nilalang. Kahi’t paano alam ng katutubo na mayroon kulang sa kanyang buhay, at gusto niyang mapunuan ito. Kaso ang mga bagay na ipinampupuno niya ay bagay materyal o kaya mga karanasang-emosyonal. Ganun pa man, kahit anong puno ang gawin ng tao ng materyal na kasiyahan o kaya karanasang-emosyonal, ganoon at ganoon pa rin ang pakiramdam, may kulang pa rin. Walang makaka-puno sa lugar ng Espiritu, kundi ang maipanganak na muli sa Espiritu.

Nilalang ng Panginoong Dios ang tao upang siya ay sambahin. Kung hindi mo sasambahin ang nag-iisang tunay at buhay na Dios, maghahanap ka ng kapalit. Maaaring ito ay ang iyong kotse, bahay, o bangka. Mahaba ang listahan. Subali’t pagsamba sa Panginoon ay bagay na nandiyan na mulang pagkabuhay nating mga nilalang.

Mangyaring isipin mong mangmang na paliwanag ito. Maaaring hindi mo maintindihan kung paanong ang espiritual na kapanganakan ay makakamit sa pananalig kay Jesu Cristo. Ginawa ng Panginoong Diyos na mangmang ito upang kahit isang maliit na bata ay mabigyan ng pagkakataon na maipanganak na muli.

Ipinagpatuloy ni Jesus na ipaliwanag kay Nicodemus ang pagmamahal ng Panginoong Dios sa sanlibutan; isang mundong sinira ng kasalanan at dahil dito’y nawalan na ng buhay. Ganuon din sa pagbigay Niya sa Kanyang bugtong na Anak, upang ang sino mang sa Kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16).

Naalala ko na naman ang mga anak ni Israel sa kanilang paglilibot sa desyerto, sinisi ang Panginoong Dios sa kanilang suliranin, bumubulong-bulong at

dumadaing laban sa Kaniya dahil sa kanilang paghihirap, bagama't ang katotohanan ay sila mismo ang dapat sisihin. Talagang ganito ang sanlibutan. Tumalikod tayo sa Panginoong Dios, namumuhay tayo na ang gawang pisika ang sinusundan – ang kawalang hulugan, ang kabiguan, at ang bunga ng mga ito ay kawalang buhay.  Naitutulad ito sa isang ahas na makamandag, lalasunin ka at habang nagtatagal, ikaw ay tuluyang mawawalan ng buhay.

Ang pagkahaba-habang paglalakbay ng mga anak ni Israel sa desyerto ay hindi hinangad ng Panginoon para sa kanila. Hangad Niyang madala sila sa Lupaing puno ng Pangako, kung saan nila tatamasin ang pamumunga nito sabay ng mga biyaya na galing sa Lupain; mga biyaya na Kanyang ipinangako sa kanilang ninuno, Abraham.  Kaso tinalikuran nila ang testimonyo ni Caleb at Joshua. Sinabi nila, "Hindi tayo makakapasok sa loob ng Lupain.  Masyadong malakas ang mga kalaban." At sila'y tumalikod at bumalik sa kagubatan.  Pagkatapos kanilang sinisi ang Panginoong Dios noong lalong naghirap ang buhay nila sa kagubtan.

Kung ikaw ay nasa sa iyong kagubatan ngayon, hindi ito dahil ginusto ng Panginoong Dios na ikaw ay masadlak doon. Ayaw ng Panginoong Dios na ikaw ay namumuhay sa pagsunod sa gustuhin ng iyong laman.  Gusto niyang ikaw ay punong-puno ng buhay na dulot ng Espiritung namamahay sa iyo, nang sa ganuon ay iyong matamasa ang tamis ng pakiki-salimuha sa Kanya.

Ang mga anak ni Israel ay nagkamali ng pang-unawa sa layon ng Panginoong Dios para sa kanya, at kung bakit hinayaan Niyang makarating ang mga makamandag na ahas sa kanila. Hangad niyang maibalik sila sa Kanya.  Ganito 'yon, malimit na pahihintulutan ng Panginoong Dios ang pagdanas natin ng mga paghihirap kung tayo ay naliligaw ng landas.  Alam niyang ang masakit na karanasan ay nagpapablik sa atin sa Kanya.  Hindi ito isang husga.  Ang sabi Niya,"Bumalik ka sa akin.  Hindi ka puewedeng mamuhay na malayo sa Akin. Masisira ka.  Ganyan ang mangyayario sa iyo kung ikaw ay mabubuhay ng wala Ako sa iyo."

Lahat ng ito ay nangyayari upang mapabalik tayo sa Kanya, upang ikaw ay

maipanganak sa Espiritu, at mabuhay sa kagandahan ng pakikisalamuha sa Panginoong Dios.

Kung wala ang pagaaruga sa kanila ng Panginoong Dios, nangamatay lahat sa kagubatan ang mga anak ni Israel. Hindi rin sila dapat nakatagal ng dalawang linggo, o kaya naman limampung taon. Katulad nila, ang Panginoong Dios ay nagpapala sa iyo kahit ikaw ay nasa iyong kagubatan. Kung hindi Siya umaalalay sa iyo, hindi ka makakatagal na mabuhay ng kahit limang minuto.

Utang mo sa Kanya ang buong buhay mo. Inaalalayan ka Niya nang sa ganoon ay malaman mo ang kalakhan ng Kanyang pagmamahal sa iyo, ang Kanyang pag-aalala at pag-aaruga, upang ikaw ay maipangank sa Espiritu, at makarating sa kabuuan na Kanyang layon para sa bawa't isa sa atin.

Marami sa inyo ngayon ang nasa daang mapanganib na magdadala sa inyo sa kapahamakan. Kailangang bumalik ka sa Kanya bago ka tuluyang masira. Napakanganda ang pangako ng Panginoong Dios na kung ikaw ay maniniwala sa Kanyang Anak, hindi ka mamamatay kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ang buhay na walang haggan ay hindi tungkol sa dami ng taon na matatanggap mo kundi tungkol sa kalidad ng iyong buhay. Ang buhay na walang kalidad ay tulad ng impiyerno. Nguni't ang buhay na saklaw ng Espiritu ay malayong kahali-halina kung ikumpara sa buhay ng hayop o mga tanim.

At iyan ang kalidad ng buhay na inilalaan sa iyo ng Panginoong Dios, buhay na puno ng Espiritu, buhay na tunay na may kaugnayan sa Kaniya. Binanggit ng Bibliya na ang pag-iisip na sinasaklawan ng laman ay kamatayan, nguni't ang isip na saklaw ng Espiritu ay puno ng galak at kapayapaan. Iyan ang ninanais ng Panginoong Dios para sa iyo: buhay na walang haggan, kapayapaan, galak; galak na galing sa pakikipag-ugnay sa Panginoong Dios, ang ating pagkakaalam na laging sinusubaybayan Niya tayo, na Siya ang may hawak sa lahat ng nangyayari sa ating buhay.

Ang isang nilalang ay naipanganak na muli kung siya ay naniniwala sa napakahalagang biyaya na ibinigay ng Panginoong Dios sa atin. Tayo ay natubos mula sa ating mga kasalanan, at inako ito ni Jesus para sa lahat. Kaya nga ba't

kapag tinanggap mo si Jesus na iyong Saklolo at maniwalang namatay Siya upang matubos ka sa iyong mga kasalanan, magkakaroon ng kamangha-manghang pagbabago mula sa kaibuturan ng iyong pagkatao – ang bagong espiritu ay mabibigyang buhay. Mula dito magkakaroon ka ng buhay na puno ng Espiritu, na kailanma'y hini mo inakala na posible pala, o kaya naman, ay totoo pala. Ito ay maluwalhati at kahanga-hanga, at hindi madaling ilarawan at talaga namang parang glorya.  Sinabi ni Pablo na ang mga bagay-bagay na kanyang naranasan sa Espiritu ay kamangha-mangha at magiging krimen ito kung tatangkain nating ilarawan sa salita (2 Mga Taa Corinto 12:4).

Sinabi ni Jesus, "Kung gusto mong makita ang kaharian ng Panginoong Dios, kinakailangang maipanganak ka muli."

Para makarating tayo sa kaharian ng Panginoong Dios, kinakailangang maipanganak ka muli.  Tumingin lamang kay Jesu Cristo, kung sinong namatay sa kuros para sa iyong mga kasalana. Gawa ng paniniwala mo sa Kanya at sa Kanyang pagmamahal sa iyo, ang pagbabago sa pagkatao mo ay magaganap. Kaya ang tanong, "Ikaw ba ay naipanganak na muli sa Espiritu?"  Kung hindi, napaka-simple ang dapat mong gawin.

Sa ngayon ikaw ay nasa isa sa dalawang kampo: at ang sagot ay kung may relasyon kay Jesu Cristo o rwala. Maaaring nababagbag kang tumingin sa Kanya at maniwala na siya ay namatay sa kuros para sa iyo; maaari din namang ang pili mo ay ang buhay na iyong tinatalakay ngayon. Buhay na walang relasyon kay Jesu Cristo. Kung nasa ikalawa ka at ayaw mong mabago ito, wala kang dapat na gawin.  Ituloy mo lang, subali't intindihin na ito'y magsasadlak sa iyo sa siguradong kamatayan.

Nguni't, kung ikaw ay tumingin sa kuros at maniwala sa Kanya na namatay para sa iyo at sa iyong mga pagkakasala, mapapasa-iyo ang banal na  handog mula sa Panginoong Dios……

Ang handog ng buhay na walang hanggan.

# Dasal ng Makasalanan

Kung nais mong magkaroon ng relasyon sa Panginoong Dios at mabigyan ng kaalaman na ang iyong mga kasalanan ay napatawad na, ito ang iyong dasal….

Ama, andito ako ngayon at humihingi ng patawad sa aking mga kasalanan. Nagpapasalamat ako sa iyo, Panginoon, dahil binigyan mo ako ng pangako na kung ikumpisal ko ang aking mga kasalanan, Ikaw ay matapat na magpapatawd sa akin at lilinisan mo ako mula sa lahat ng maling gawain. Nais kong mahugasan ako mula sa aking mga pagkakasala, at magkaroon ng buhay na kahali-halina para sa Iyo. Ako'y humihingi ng tulong mula sa Iyo, Panginoon. Sana'y ibigay mo sa akin ang lakas na galing sa Iyong Espiritu, na mabuhay ng matuwid.

Nagpapasalamat ako sa Iyo sa pagkamatay ni Jesu Cristo sa kuros, na Siyang nagbuwis ng buhay Niya upang ako'y matubos sa aking mga kasalanan, na kung sinong nabuhay muli. Tinatanggap ko Siya na aking Saklolo, aking Panginoon, aking Kaibigan.

Nagpapasalamat din ako sa Iyo, Panginoon, dahil sinabi mo na kung sino man ang lalapit sa Iyo'y tatanggapin mo ng maluwag. Salamat po sa pagbibigay Mo sa akin ng panibagong buhay kay Cristo. Ibinibigay ko sa Iyo ang aking buhay. Gawin ninyo Po sa akin ang nararapat sa ngalan ni Jesus. Amen.

# Ano ang Kasunod?

Kung tinaggap mo si Jesu Cristo na iyong Saklolo, ikaw ay naipanganak na muli. Ang mga sumusunod ay mga bagay na maaari mong gawin upang maging mapanatag at lumago sa pagka-Kristiano…

1. MAGDASAL – ang dasal ay parant telepono na nakakarating ng deretso sa Panginoong Dios. Mahalagang magkaroon ka ng tiempo na makipag-niig at makipag-usap sa Panginoon sa inaraw-araw, at manalangin lagi. Filipos 4:6

2. BASAHIN ANG BIBLIYA – Ang Bibliya ay parang sulat ng pagmamahal na galing sa Panginoong Dios. Kung madalas mong basahin, lalo mo siyang mamahalin. 1Pedro 2:2

3. MAKISALAMUHA – kinakailangang magkaroon ka ng mga kaibigan na kapwang naniniwala sa Kanya, na kung sinong makakatulong sa iyong pagbabagong-buhay. Kaya naman napaka-importanteng magkaroon ka ng isang simbahan na naniniwala at nagtuturo sa Bibliya, na kung saan ka makakakilala ng ibang Kristiano. Hbreo 10:24-25

4. SUMAKSI SA IBA – ibahagi sa iba ang inyong pananampalataya kay Jesu Cristo. Ipanalangin na ang Panginoon ang magbibigay ng mga pagkakataon na ibahagi ito sa iba at kung kailan. Marcos 16:15

Chuck Smith, ninunong Pastor sa Calvary Chapel Costa Mesa, California ay isang Pastor at guro ng Bibliya mulang mahigit na limampung taon. Ang kanyang pagtuturo ng Bibliya ay maririnig araw-araw mula Lunes hanggang Biyernes sa programang may pamagat na The Word for Today (Ang Salita Ngayon). Ang kanyang mga sinulat na aklat ay "Living Water (Buhay na Tubig)," "Why Grace Changes Everything (Bakit Binababago ng Grasya ang Lahat)," At "Effective Prayer Life (Mabisang Buhay ng Panalangin)."


The Word For Today

P.O. Box 8000, Costa Mesa, CA 92628

(800) 272-WORD (9673)

www.TWFT.com

www.calvarychapel.com


Basbasan ka ng Panginoon at panalangin naming mapalapit ka ng husto sa Kanya, at ang iyong paglago bilang Kristiano.

# MAIPANGANAK MULI

Narinig na natin ito.
Nguni't alam mo ba ang ibig nitong sabihn?

At bakit sinabi ni Jesus na kailangang maipanganak
na muli upang makita mo ang kaharian ng
Panginoong Dios?

Ang aklat na ito ay nagpapaliwanag kung ano
ang kaibahan ng materyosong pamumuhay
at ang maipanganak sa Espiritu.

At kung bakit nilikha ng Panginoong Dios
ang isang nilalang.

Dahil ang katotohanan, ito ay hindi tungkol
sa relihiyon kundi tungkol sa relasyon.